**Pulong ng Lupon ng Tagapayo**

**ng Awtoridad sa Pabahay ng San Diego County**

**Huwebes ika-10 ng Pebrero 2022 | alas 9:30 ng umaga - alas 11:00 ng umaga**

Microsoft Teams

Minuto ng Pulong

**Pagkakasunud-sunod ng Usapin**

Mga Dumalo**:**

Awtoridad sa Pabahay: (5) A. McCall, M. Mercier, R. Ramirez, S. Moore, N. Martinez

Lupon ng Tagapayo sa Residente: C. Wollas, D. Simpson, D. Acosta, S. Rodriguez, R. Jacobs, M. McKell, A. Reyes, C. Castillo

Mga bisita: Tatlumpu't apat na miyembro ng publiko kabilang ang mga residente ng Awtoridad sa Pabahay at mga kalahok na nakilala sa pamamagitan ng pangalan sa pulong o numero ng telepono

**Itinalaga ang Pag-uumpisa ng Pulong sa alas 9:39 ng umaga ni Tagapangulo Darlene Simpson na kinumpirma ang isang korum. Lahat ng mga miyembro na dumalo. Kahalili, dumating si Cheryl Castillo nang alas 9:44 ng umaga.**

**Ahenda**

**I. Impormasyonal na Bagay ng Pagtatanghal: Impormasyon ng RAB (Monique Mercier)**

- **a. Pangkalahatang Impormasyon sa RAB:** Nagbigay si M. Mercier ng isang pangkalahatang-ideya ng RAB kabilang ang mga tuntunin ng paghihirang ng miyembro, mga tungkulin at responsibilidad, at mga pangyayari sa pagpupulong.
- **b. Plataporma ng Pulong:** Ipinakita ni M. Mercier sa telekumperensya kabilang ang mga waiver na dati nang nasa lugar upang payagan ang telekumperensya bilang isang plataporma ng pagpupulong. Ang lahat ng mga kasalukuyang miyembro ng RAB ay bumoto sa patuloy na telekumperensya.
- **c. Plano ng Ahensiya:** Naglahad si M. Mercier sa tatlong bahagi ng Plano ng Ahensiya kabilang ang progreso sa 5-taong layunin at pakay, ang taunang plano ng administratibo para sa mga patakaran at pagbabago ng programa ng HCV- at mga ipinanukalang pagbabago sa Taunang Pagtanggap at Patakaran sa Patuloy na Pag-okupa.

**II. 5-Taon na Plano ng mga Layunin at Progreso (Robin Ramirez)**

- **a. Panatilihin at Palawakin ang Abot-kayang Pabahay:** Naglahad si R. Ramirez sa Pagpapanatili at Pagpapalawak ng Abot-kayang mga Oportunidad sa Pabahay para sa mga pamilya na nangangailangan kabilang ang mga ulat-pagbabago sa pag-unlad na may mga layunin tulad ng pag-aaplay para sa karagdagang mga voucher ng tulong sa pag-upa, na nagbibigay ng Tulong sa Deposito sa Seguridad sa 400 na

Sambahayan sa o mas mababa sa 30% AMI, at pagsasagawa ng mga pulong ng mga may-ari na may layuning mag-anyaya sa 500 na may-ari.

b. **Kasarinlan para sa mga Pamilya:** Naglahad si R. Ramirez sa maramihang layunin ng Kasarinlan para sa mga Pamilya kabilang ang pagpapadami ng mga kalahok sa programa ng 20% at nagtatapos sa 10%. Naglahad si R. Ramirez sa pagsubok sa patas na pabahay upang turuan at itaguyod ang pantay na pagkakataon, at kung paano dinagdagan ng HACSD ang mga mapagkukunan at serbisyo sa mga populasyon na madaling maapektuhan.
c. **Panatilihin ang Mahusay na Kasiyahan ng Kostomer:** Naglahad si R. Ramirez sa layunin na Pagpapanatili ng Mahusay na Kasiyahan ng Kostomer kabilang ang mga kaugnay na layunin tulad ng pagkamit at pagpapanatili ng isang mataas na puntos ng pagganap, pagpapanatili ng isang pagtatalaga bilang isang mataas na tagapalabas ng PHA, at pagpapanatili ng isang mataas na marka ng kasiyahan sa 4 o pataas mula sa mga kostomer na pinaglilingkuran ng HACSD.
d. **Imprastraktura upang Itaguyod at Pagyamanin ang Inobasyon:** Naglahad si R. Ramirez sa iminungkahing pagpapahusay sa mga sistema ng pamamahala ng kaso, kabilang ang sariling pagserbisyo at mga kagamitan sa teknolohiya para sa mga kawani at kostomer, at kung paano tugunan ang mga pisikal na pangangailangan sa portfolio ng pampublikong pabahay.
e. **Mga Bagong Aktibidad:** Naghalad si R. Ramirez sa base sa proyektong mga pagpapaunlad ng voucher na mayroong 28 na mga yunit na kombertido mula sa MOD REHAB at ang VASH PBV ay may walong karagdagang mga yunit sa El Cajon. Bagong programa na tinatawag na Oportunidad at Kasarinlan para sa Residente (Resident Opportunity and Self Sufficiency) na nakatakdang magsimula sa ika-1 ng Hunyo. Ang proyekto ng pampublikong pabahay ay binalak para sa Town Center Rehabilitation Project.

III. **Pagtatanghal ng Impormasyonal na Bagay: Pagrereposisyon sa Pampublikong Pabahay (Anthony McCall)**

a. **Programang Pampublikong Pabahay:** Naglahad si A. McCall sa Plano sa Pagtanggap at Patuloy na Pag-okupa (Admission and Continued Occupancy Plan), ipinaliwanag ang bagong na-update na flat at maximum na renta para sa lahat ng laki ng kwarto, ang mga flat na renta ay batay sa mga renta sa merkado at inaalok sa mga residente ng pampublikong pabahay bilang isang opsyon sa mga renta na nakabatay sa kita.
b. **Public Housing Capital Fund:** Naglahad si A. McCall sa Programang 5-Taong Planong Aksyon ng Kapital na Pondo sa Pampublikong Pabahay (5-Year Action Plan Public Housing Capital Fund Program) para sa 2022-2026 kasama ang pondo ng kapital at mga aktibidad sa pamamahala na mayroong taunang halaga ng grant na $294,661 para sa mga proyekto ng Pampublikong Pabahay.

**Mga Tanong/ Komento (Robin Ramirez)**

Binuksan ang pulong sa mga komento ng pangkalahatang dumalo. Nagtanong ang publiko sa bahagi ng mga komento/tanong ng Pulong ng RAB at sinagot ng iba't ibang miyembro ng Awtoridad sa Pabahay ang mga tanong mula sa publiko.

**Mga Mapagkukunan:** HACSD Website: WWW.SDHCD.ORG

HACSD email ng Lupon: HACSDBOARDS.HHSA@SDCOUNTY.CA.GOV

**IV. Pagtatapos ng Pulong**

Opisyal na tinapos ni Tagapangulo Darlene Simpson ang pulong sa alas 10:32 ng umaga

Ang susunod na petsa ng pagpupulong ay tutukuyin at ipapaskil sa itinalagang HCDS webpage para sa Mga Lupon ng Tagapayo bg Residente.